

Revised- PAFTE 12-Sample Description of Curated Video (PAFTE Project)

1. **Pamagat (Title): Teaching Demonstration of Filipino in the K to 12 Curriculum**
2. **Link:** <https://www.youtube.com/watch?v=0fxZG11zTrU>
3. **Grado/Antas (Grade/ Level) Asignatura (Subject): Grade 3/Filipino**
4. **Modality - Face to Face-**
5. **Paksa (Topic/ Subject Matter Discussed) – Ang Aming Mag-anak (Tula)**
6. **Mga Gawain na Obserbahan (Activities that can be observed)**

Ang bidyo ay nagpapakita ng isang buong aralin tungkol sa Tulang “Ang Aming Mag-anak”. Bago nagsimula ang Pakitang-Turo ipinaliwanag muna ng pinuno ng paaralan ang dahilan ng Pagpakitang-turo at pinakilala nito ang guro na magtuturo sa klase.

Ang klase ay sinimulan ng guro sa isang pagbati ng *Magandang Umaga* (Greetings) sa mga mag-aaral na sinundan ito ng **Pagganyak (Motivation)** sa pamamagitan ng pagtatanong ng guro kung ano ang karanasan ng mga mag-aaral kasama ng kanilang mag-aanak noong isang lingo. Ang mga mag-aaral na gustong sumagot sa tanong ng guro ay pupunta at pipili ng larawan sa pisara na ipinaskit ng guro. Ang larawan na kailangang kukunin katulad ng karanasan niya kasama ang kanilang mag-anak noong nakaraang lingo. Sasabihing ito ng mag-aaral nang malakas sa buong pagungusap sa harap ng klase.

Bago binasa ng guro nang malakas ang tula nagkaroon muna ng **Paghahawan/ Pag-aalis ng Sagabal (Unlocking of Difficulties)**. Pinanabasa ng guro ng guro sa buong klase ang mga salitang kailangan bigyan ng kahulugan bago pinasagutan sa ilang mag-aaral sa pamagitan ng ng pagpili ng tamang salita.

Sa **Paglalahad** binasa guro ang tula nang buong puso at damdamin na sinundan ng **Pagtatalakay**. Isang malayang talakayan hinggil sa nilalaman at kabuuan ng tula. (Mapapansin sa panahon ng malayang talakayang lumalapit at tinatawag ng guro ang mga mag-aaral sa unang pangalan (*First Name*)).

Noong napagtanto na ng guro na naunawaan na ng mga mag-aaral ang nilalaman ng tula muling niyang pinabasa nang sabay-sabay. Pinakuha ng guro sa mga mag-aaral ang kanilang dila at ihihandang folder na kung saan nakalagay ang tula at pinagawa ang **Sabayang Pagbasa** sa buong klase.

Pagkatapos bahasahin nang sabay-sabay tumawag muli ng isang mag-aaral ang guro upang basahing muli ang tula (**Isahang Pagbasa**). Dito tinalakay ng guro ang elemento ng tula.



Teaching Demonstration of Filipino in the K to 12 Curriculum by PAFTE- REGION XII is licensed under a [Creative Commons Attribution-NonCommercial-NoDerivatives 4.0 International License](https://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/).

Nagkaroon ng **Pangkatang Gawain (Group Activities)** sa bahaging **Paglalatap**. Ang bawat pangkat ay binigyan ng ilang minuto upang gumawa at paghandaan ang ipapakita sa klase tulad ng awitin, patalastas, rap at iba pa na ginagamit ng mga magkakatugmang salita na natutunan sa leksyon.

Bilang **Paglalahat/Pagbubuod** ang guro ay may inihandang **Puno ng mga Salita (Tree of Words)** na kung saan kukuha ang mag-aaral na tatawagin ng guro ng bunga ng punong mangga na nakasulat ang magkatugmang salita. Ang napiniling magkatugmang salita ay gagamitin ito sa pangungusap.

Ang **Pagtataya/Pagsusulit** naman ginawa sa pamamagitan ng pagsagot ng mga mag-aaral sa pagsusulit na inihanda ng guro. Ang klase sa bidyo ay nagwakas sa pagwaswasto ng pagsusulit sa pagmamagitan ng pagpalitan ng papel.

7. Mga Gawaing Panturo na Naobserbahan (*Instructional task/s that can be observed*)

Panimulang Gawain/Mga Gawain sa Klase (Class Routines) Ang klase ay nagsimula sa pabati ng guro ng magandang umaga. **Ang Pagganyak (Motivation)** na ginawa ng guro ay nagpasigla sa mga mag-aaral na makilahok sa klase,

Maganda ang daloy ng talakayan dahil maayos ang **Pamamahala ng Klase (Classroom Management)**. Ang guro ay nagtaglay ng katangiang mahinahon, mapagmahal at may pagpapahalaga sa bawat mag-aaral na masasabi na nagdulot ng kabisaan sa pagtuturo ng paksang aralin,

Maituturing na simple lamang ang ginawang **Pagtataya/Pagsusulit (Assessment)** na pinagawa ng guro ngunit naaangkop ito sa kakayahan ng mga mag-aaral, Matitiyak na ang lahat na katanungan sa pagsusulit ay masasagot nang tama ng mga mag-aaral.

Sa punto ng **Pag-aayos ng Kapaligiran sa Pagkatuto (Organizing Learning Environment)** naman ay makikita na maayos ang kapaliran ng silid-aralan dahil nakaayos ang mga upuan at malinis ang silid. Iba't ibang makukulay na larawan ang napaskit sa dingding na maaring pagkukunan ng mga mag-aaral ng kaalaman na kailangan nila sa pagkatuto,

Ang **Pagpapakita ng Kakayahan ng Guro (Demonstrating teacher competencies/character like handling conflicts, etc.)** ay nagpapatunay na mabisa ang naging pagtuturo dahil makikita ito pagiging magalang at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase



Teaching Demonstration of Filipino in the K to 12 Curriculum by PAFTE- REGION XII is licensed under a [Creative Commons Attribution-NonCommercial-NoDerivatives 4.0 International License](https://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/).

8. **Iba Pang mga Tampok (Other Features)**: Ang bidyo ay maaring ma-download. Pwede ring pumunta sa link na <https://www.youtubekids.com/> bilang gawin batayan.

9. **Mga Susing Salita (Key Words)** - Teaching Demonstration of Filipino, K-12 Curriculum, Face to Face, Grade 3, Tula



Teaching Demonstration of Filipino in the K to 12 Curriculum by PAFTE- REGION XII is licensed under a [Creative Commons Attribution-NonCommercial-NoDerivatives 4.0 International License](https://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/).